Kataga ng Buhay

Enero 2026

"May iisang katawan at iisang Espiritu, kung paanong tinawag kayo sa iisang pag-asa nang kayo'y tawagin ng Diyos"

(Efeso 4:4).

Sa Linggo ng Panalangin para sa Pagkakaisa ng mga Kristiyano,[1] inaanyayahan tayong ituon ang ating pansin sa isang partikular na tema, na matatagpuan sa liham ni San Pablo sa mga taga-Efeso. Sa tinaguriang mga liham sa bilangguan, kinakausap niya ang kanyang mga tagapakinig, hinihimok silang magbigay ng kapani-paniwalang patotoo sa kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagkakaisa.

Ito'y batay sa iisang pananampalataya, iisang Espiritu, iisang pag-asa, at sa pamamagitan nito lamang tayo makapagpapatotoo kay Kristo bilang isang "katawan."

"May iisang katawan at iisang Espiritu,
kung paanong tinawag kayo sa iisang pag-asa nang
kayo'y tawagin ng Diyos."

Tinatawag tayo ni San Pablo sa pag-asa. Ano ang pag-asa? At bakit tayo inaanyayahan na isabuhay ito? Ito'y isang usbong, isang kaloob, at isang gawain na tungkulin nating protektahan, linangin, at gawing mabunga para sa ikabubuti ng lahat. "Inaatas sa atin ng maka-Kristiyanong pag-asa ang makitid na gulod, ang hangganan na hinihingi ng ating bokasyon na piliin natin, araw-araw at bawat sandali, na maging tapat sa katapatan ng Diyos sa atin."[2]

Ang ating bokasyon, ang tawag para sa mga Kristiyano, ay hindi lamang isang kasunduan sa pagitan ng indibidwal at ng Diyos kundi isang "pagtitipon," isang pagtawag sa atin nang sama-sama; ito ang tawag sa pagkakaisa sa pagitan ng mga taong nakatuon sa pagsasabuhay ng Mabuting Balita. Sa mga talumpati at mga sinulat ni Chiara Lubich, madalas nating matagpuan ang mga malinaw na pagtukoy sa pagkakaisa, isang partikular na aspeto ng kanyang daan patungo sa Diyos: ito ang bunga ng presensya ni Hesus sa ating piling. At ang presensyang ito ang pinagmumulan ng malalim na kaligayahan.

"Kung ganoon na lang kahalaga ang pagkakaisa para sa mga Kristiyano, taliwas sa kanilang bokasyon ang hindi pagtaguyod nito. At nagkakasala tayo laban sa

pagkakaisa sa tuwing tayo'y sumusuko sa tukso, na patuloy na lumilitaw, tukso ng pagkamakasarili na nagtutulak sa atin na gawin ang mga bagay nang mag-isa, na magpadala sa sariling pagpapasiya, sa mga personal na interes o karangalan, na binabalewala o hinahamak pa ang iba, ang kanilang mga pangangailangan, at karapatan." [3]

**"May iisang katawan at iisang Espiritu,
kung paanong tinawag kayo sa iisang pag-asa nang
kayo'y tawagin ng Diyos."**

Sa Guatemala, napakasigla ng diyalogo sa pagitan ng mga miyembro ng iba't ibang Simbahang Kristiyano.

Sinulat ni Ramiro: "Kasama ang isang grupo ng mga kasapi sa iba't ibang Simbahan, inihanda namin ang Linggo ng Panalangin para sa Pagkakaisa ng mga Kristiyano. Kasama sa programa ang isang makasining na pagdiriwang na binuo kasama ang mga kabataan at iba't iba pang pagdiriwang sa iba't ibang simbahan. Hiniling sa amin ng Kapulungan ng mga Obispong Katoliko na ipagpatuloy ang karanasang ito sa pamamagitan ng paghahanda rin ng pagbabahaginan ng isang grupo ng mga obispong Katoliko at mga kasapi sa iba't ibang Simbahan mula sa buong Amerika para sa isang pagpupulong upang gunitain ang ika-1,700 anibersaryo ng Konsilyo ng Nicaea. Nararanasan namin ito hindi lang sa mga aktibidad na ito. Sa tuwing kami'y magtitipon, nadarama naming lahat ang matibay na pagkakaisa at ang mga bungang dulot nito: kapatiran, kagalakan, at kapayapaan."

**"May iisang katawan at iisang Espiritu,
kung paanong tinawag kayo sa iisang pag-asa nang
kayo'y tawagin ng Diyos."**

Patrizia Mazzola at ang pangkat ng Kataga ng Buhay

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

1.Ito'y ginaganap sa Hilagang kalahati ng mundo mula Enero 18 hanggang 25 at sa Katimugang kalahati ng mundo sa panahon ng Pentecostes. Ang mga salita ng panalangin ngayong taon ay inihanda ng isang grupong ekumenikal na pinangunahan ng Simbahang Apostoliko ng Armenia.

2. Si Madeleine Delbrêl, itinuturing ng marami bilang isa sa pinakamahalagang espirituwal na personalidad ng ika-20 siglo. https://www.pasomv.it/files/bocc/madalein del brel noi spes.pdf

3. C. Lubich, Kataga ng Buhay, Hulyo 1985

Distributed in Japan by Focolare:
www.focolare.org/en
www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com foc.nagasaki@mxc.cncm.ne.jp
Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 Nagasaki: 095-849-3812